**Abstract**

Hindi lang basta ibon ang uwak gaya ng hindi lang basta aso ang aso o pusa ang pusa. Pagkatao natin ang hayop na nais natin, inaalagaan man ito o hindi. Lagi't laging may dahilan at paliwanag ang koneksiyon ng tao sa hayop; sabi pa nga'y mataas na uri ng hayop ang tao.

Tao man o hayop ay inihahawla sa iba't ibang anyo. Ang paghahawla sa simula ay proteksiyon habang natututo. Sa lagay ng uwak na hindi pa makalipad at makakain nang maayos, nasa pugad ito o ihahawla upang hindi lapain ng mas malaki pang ibon o hayop at kailangang pakainin hanggang sa lumaki na't may kapasidad na humanap ng sariling makakain. Ang ganitong paghahawla ay halos walang ipinagkaiba sa tao ngunit hindi na ito akma kung nasa proseso na ng pag-unlad at may kapasidad na siyang kumilos at magpasya.

Lahat ay may pamamaraan upang buksan, wasakin, wakasan, ang hawla. Sa lagay ko, pagguhit at pagsusulat ang naging aking pamamaraan. At magkakaroon nga ng panahon para sa pagsusulat at pagguhit sa panahong bawal lumabas sa kasagsagan ng pandemya. Makakabalangkas ako ng mga plano kung paano tumakas nang hindi pisikal kundi saykolohikal. Mga planong kalaunan ay susi sa hawla sa anyo ng pinagsamang iginuhit at isinulat upang makakita ng posibilidad na makalabas bagaman nasa iisang lunan lamang. Ang pagkakaroon ng kapasidad na magpasya at kumilos ang mag-uudyok sa ating kumawala at umunlad pa. Gaya nga nang alagaan ko ang isang uwak at kalaunan ay pakawalan ito. Sino nga ba ang lumaya, ang nagparaya o ang pinaraya?

**Keywords**
uwak
hawla
pandemya

**English title**
Some Lessons from the Crow

# ILANG LEKSIYON MULA SA UWAK

**DAVIDSON LADRINGAN BANQUIL**

NAGSASAGUTANG HUNI NG mga uwak ang narinig ko minsan sa compound naming magkakamag-anak. Pagtataka ko'y parang hindi umaalis ang huni. Iyon pala, nag-uwi ng dalawang uwak ang pinsan ko. Mula raw ito sa kanyang kumpare na pipitas sana ng buko pero may nakitang pugad.

Halatang inakay pa lamang ang mga ito dahil wala pang balahibo sa leeg. Dito ko nalaman kung paano kikilalanin ang kasarian ng uwak. Kapag mas maliit at maayos na nakahawi palikod ang balahibo sa ulo, babae ito. Kabaligtaran ang sa lalaki.

Alagaan ko na lang 'yong babae, sabi ko sa pinsan ko, pero kukuhanin ko na lang kapag nakahanap na ng hawla.

Nang magsimula ang lockdown sa Luzon noong Marso 17, 2020 dahil sa COVID-19, nagkaroon ako ng panahon para sa pagbabasa, pagsusulat, at pagguhit. Bihira kong magawa ang mga ito dahil inuubos ng gawaing pampaaralan ang oras ko; maging sa bahay kasi ay may pagkakataong kailangang iuwi ang trabaho para hindi matambakan.

Naisip kong ano kaya kung mag-alaga naman ako ng ibon para may mabago o maidagdag sa pang-araw-araw at nakagawian kong ginagawa? Kung titingnan, ang buhay ko'y walang kabuhay-buhay. Hindi malamig ang kamay ko kaya hindi ako makapagpatubo o makapagpayabong ng halaman. Hindi rin ako malambing sa alagang aso at pusa namin. Baka sa ibon ko mahahanap ang pagiging responsable sa pag-aalaga ng buhay.

Matapos makahanap ng hawla, kinuha ko na sa pinsan ko ang babaeng uwak.

Noon pa man, gustong-gusto ko nang mag-alaga ng uwak. Marami kasi ang nagsasabing matalino raw ito. Isang halimbawa ay kaya raw nitong kumilala at magsalansan ng iba't ibang klase ng buto ng halaman. Marunong daw itong mag-obserba, sabi ng guro ko noong kolehiyo; kaya raw nitong matutong magbukas ng zipper ng bag. May pabula ring nagpapakita kung paano nito naiinom ang tubig sa isang tapayan sa pamamagitan ng paglalagay ng maliliit na bato para tumaas ang tubig.

Hindi rin kasi pangkaraniwang alaga ang uwak lalo kung napaamo at kaya mo na itong pasunurin saan ka man magpunta. Gusto ko ang karakter nitong kakabit na ng madidilim na akda. Kung kinaya nitong labagin ang utos ni Noah na maghanap ng senyales ng buhay, ibig sabihin marunong nga itong magpasya para sa sarili kaysa sa kalapating biniyayaan ng kulay dugong pangkahig dahil masunurin.

Napansin kong hindi umuubra ang ginawa kong pugad sa hawla. Kaya naghanap ako ng matibay na sanga ng Mangga para ilagay sa loob ng hawla. Doon ko pinadapo ang uwak, at mas naging kampante nga siya roon kaysa sa pugad na palagi niyang winawasak at tinataihan.

Mas maingay pa siya sa manok namin tuwing umaga. Mas naririnig ko pa ang huni niyang pumupunit sa katahimikan kaysa sa tilaok ng manok.

Dalawang dahilan lang kung bakit siya maingay. Una, nagugutom, at ikalawa, may ibang tao. Tinanong ko sa pinsan ko kung ano'ng kinakain ng uwak. Sabi niya, puwedeng aratiles, tinapay, kanin, o kahit anong kinakain din namin, pero mas maigi raw kung hilaw na laman o karne o insekto.

Sabi ko sa isip ko, hindi ko siya pakakainin ng karne o anumang laman mula sa ibang hayop at insekto. Mas maiging mga prutas, gulay, tinapay ang kainin niya. Baka kasi isang araw bigla na lang maubos ang mga sisiw sa bakuran kapag nasimulan niyang kumain ng hilaw na karne at maghanap nito.

Sa unang linggo pinakain ko siya ng aratiles, kanin, o minsan ay gulay na itinabi ko mula sa ulam namin. Pero nahirapan na akong pakainin pagdating ng kalagitnaan ng ikalawang linggo. Madalas iniiwas niya ang kanyang ulo. May ilang araw kong pinilit subuan ng kanin, at aratiles pero iniluluwa niya, kaya ang ginagawa ko ay parang inihihilot ko paibaba ng lalamunan niya ang pagkain para malunok kaagad. Pero pagkatapos ng ilang subo ay tatalikod na ito at hindi na haharap. May isang linggo ring ganito ang ginagawa ko para lang hindi siya magutom. At isang linggo ring tatalikuran niya ako kapag oras na para pakainin siya.

Isang araw ginising ako ng isang huning pumupunit. Nakita ko siyang nakadapo sa aking bintana. Tila binubulyawan akong pakainin na raw siya. Tinanong ko si Nanay kung sino ang nagbukas sa pintuan ng hawla. Sabi niya e di 'yang uwak mo. Baka naman binuksan nina Zion at Dylan? Mabubuksan ba ng mga pamangkin mo 'yan, e ang taas-taas.

Nang araw ring iyon ay pinakain ko siya ng pinaghasangan ng isda. Doon ko napansin, halos kalahating araw siyang hindi humiyaw para sabihing nagugutom na siya. Hindi gaya noong kanin, aratiles, o tinapay ang ipinapakain ko sa kanya, mas tumatagal pala ang busog kapag karne ang pumunan sa gutom niya. Sa pagkakataong ito, inilabas ko na siya sa hawla at nilagyan ng mahabang tali sa paa, at sa sanga na ng Mangga siya nakadapo. Akala ko, dahil nakadapo na siya sa bintana ko ay kaya na niyang lumipad—hindi pa pala. Kaya lang pala niyang alalayan ang pagtalon niya ng pagpagaspas para makaangat nang kaunti sa lapag.

Hindi ko siya binigyan ng pangalan. Siguro kasi'y halos lahat ng aso o pusang ibinibigay sa akin, kapag pinapangalanan ko ay nagiging isang palaisipang kung hindi mawawala ay papanaw. Hanggang ang dalawa kong pamangkin ang bumanggit ng nais nilang ipangalan—Kraki. Ni minsan hindi ko siya tinawag na Kraki; itong dalawang pamangkin ko lang ang tawa nang tawa kapag sumasagot ang uwak sa pagtawag nilang Kraki. Hindi na rin siguro kailangan pa ng paliwanag tungkol sa pinagmulan ng pangalan niya.

Muli, ginising ako ng isang huning pumupunit at nakita siyang nakadapo sa bukas kong bintana. Tinanong ko na naman si Nanay kung sino'ng nagpakawala sa ibon. Sabi niya, walang gumagalaw sa ibon mo, alam mong hindi kami nakikialam ng gamit mo maliban na lang sa dalawa mong pamangkin kapag nakakapuslit na makapasok sa kuwarto mo. Oo nga naman, at kaya ba naman ng dalawang bata, na ang panganay

apat at ang ikalawa ay tatlong taong gulang, na magluwag ng buhol ng tali sa paa ng isang hindi mapirming ibon?

Kaya hinigpitan ko at medyo pinaikli ang tali. Kinabukasan ay tila wala akong naririnig na huni. Mga tawa lang ng pamangkin ko ang naririnig ko. Pagkabangon at tingnan sila, nakita ko na lang na pinagtatawanan nila ang nakatiwarik na uwak habang pumapagaspas. Mabuti na lang at hindi napilayan. Mukhang hindi na uubrang itali pa. Kaya muli ay ibinalik ko sa hawla at nilagyan ng pangkawit na alambre para hindi makawala.

Si Zion, panganay na babae, at ang lalaki na si Dylan, pangalawa. Mga pamangkin kong hindi ko nakakausap sa Tagalog o Filipino dahil sa panonood nila ng banyagang nursery rhymes at cartoons na na-download mula sa YouTube. Dinig na dinig sa kanila ang British accent na impluwensiya ng Pepa Pig. Tito, come let us eat cake, wika ni Zion, and chocolates too, dugtong ni Dylan. Where? Sabay nilang sasagutin ng here, at ipapakita ang pinapanood sa smartphone. Dapat ba akong matuwa na tila dinadampot ng maliliit nilang daliri ang patag na larawan sa screen ng smartphone at tila sarap na sarap sa kinakain? Dapat ba akong matuwa na mas natututo sila ngunit naisasantabi ang iba pa nilang pandama sa ganitong teknolohiya? Hanggang kailan pa bawal lumabas? Sa mga susunod na taon maaari nang mag-enroll si Zion at di magtatagal susunod na rin si Dylan. Paano na lang ang pakikisalamuha ng mga batang ito sa kasing-edad nila? Mabuti na lang at mas madalas ma-lowbat ang mga smartphone at sa mga pagkakataong ito ay nakikita ng magkapatid ang paligid, at mas ikinatutuwa ko pang habulin nila ang paruparong lumilipad at dumarapo sa mga bulaklak na nasa bakuran na naging libangan ng kanilang Mommy at ibinebenta ang iba kapag napaparami na. Sa mga ganito ring pagkakataon na hindi sila naikakahon ng mga natutunghayan sa screen ay natatanong ko sila sa kulay ng mga dahon, sa kung anong naririnig na huni ng ibon sa umaga o kulisap sa hapon, sa kung anong kulay ng kalangitan, sa pagsahod sa kamay ng patak ng ulan na tumutulay sa kugon ng kubo sa likod-bahay, o sa pagdo-drawing at pagsusulat ng alphabet sa lupa.

Masyado nang apektado si Nanay sa mga napapanood sa telebisyon at lalo na sa Facebook. Ni hindi ko nga makikitang lalabas siya sa aming bakuran. Maging kami ay pagsasabihan niya rin. Kesyo nasa hangin na raw ang virus kaya tuwing hapon sa pamamagitan ng tubig na may halong sabon at alkohol ay maglalampaso siya ng sahig at magpupunas ng mga kasangkapan sa bahay. Minsan ngang naubo lang ako dahil

nasamid ay maghapon na akong pinagsabihan na mag-mask. Maigi na ang nag-iingat, sabi niya habang binabasa ko sa balita na si Senador Koko Pimentel ay lumabag sa health protocols.

Binubuksan ko na lang ang hawla kapag papakainin ko na siya. Lalayo ako nang ilang hakbang para tawagin siya. Kapag ginagaya ko ang huni niya, lilipad na siya patungo sa aking paanan. Bahagya naman akong uupo para subuan siya ng pagkain.

Minsan, sinubukan kong iwanan ng tinapay at laman ng susó pero hindi niya kinain. Sabi ng pinsan ko, hindi ko raw dapat iniiwanan ng pagkain. Dapat daw umasa sa akin ang uwak. Dapat daw subuan ko para makilala niya kung sino ang amo niya. Iyon lang naman daw ang dahilan bakit siya aamo sa akin at hindi aalis.

Nawala siya. Nakalimutan ko palang ikawit ang alambre sa pintuan ng hawla. Naglibot ako sa bakuran namin habang ginagaya ang huni ng uwak at baka sakaling may tumugon o lumipad patungo sa akin. Natagpuan ko siya sa basurahang pinagsusunugan namin ng mga tuyong dahon at sangang winalis. Nandoon siya at may sakal-sakal na ahas ang kanyang pangkahig habang hinihimay ng tuka niya ang katawan ng ahas. Noong mga sandaling iyon ng kanyang pag-aalmusal ay hinayaan ko siya. Kahit nasa harapan niya ako, tila hindi niya ako nakikita. Naroon siya bilang uwak na hindi alaga. Napagtanto kong may gutom palang hindi ko kayang tugunan.

Sabi nila galing daw sa paniki ang COVID-19. Nagsimula raw ito sa isang palengke sa Wuhan, China, kung saan itinitinda ang mga hayop at insektong hindi naman likas na kinakain pero ginagawang putahe para ihain. May nabasa ako dati, kapag daw kinakain mo ang isang uri ng hayop, may katangian itong maaaring mapunta sa iyo. Tataglayin mo raw ang abilidad at resistensiya ng kinain na hayop. Hindi ko lang alam kung may ganitong paniniwala ang mga Tsino. Pero gaya ng paniki, mukhang baligtad ang tinaglay nila at ikinalat.

Dahil sa pakikialam sa kalikasan, nagsimula tayong mapahamak. Ano bang gutom at pangangailangan mayroon tayo at bakit sabik tayong mag-alaga ng kakaibang hayop, o kaya'y kumain nito?

Mas mahabang tali na ang inilagay ko sa paa niya, iyong kaya niyang makadapo sa sanga at makalapag sa lupa. Isang beses sa isang linggo iginagala ko siya sa palibot lang sa aming bakuran. Nagtataka ako minsan bakit may pagkakataong gusto niyang magbilad sa arawan, iyon pala ay nagpapababa ng kinain. Paraan daw nila iyon para maayos na iproseso ng

kanilang sikmura ang kanilang kinain.

Nasugatan ako nang minsang subuan ko siya ng bulate. Ganoon pala ang tuka niya. Matalim ang itaas at ibabang bahagi, kaya nitong humiwa ng laman o karne, at naiipon sa dulo ng tuka ang himay ng laman o karne. Ang dila niya ay parang may pangkawit para hindi na tumingala upang makalunok.

Ayon sa balita, nagbigay ng kaseguruhan ang pamahalaan na sa Mayo ay maaari nang lumabas ang mga tao, mapapababa na raw sa buwang iyon ang bilang ng nagkakasakit. Pero taliwas ito sa pag-aaral na inilabas ng Unibersidad ng Pilipinas na darami pa raw ang kaso ng magkakaroon ng COVID-19 at tila sumasang-ayon naman ang lumalabas na graph mula sa balita sa telebisyon at social media.

At dumating na nga ang Mayo. Patuloy pa rin ang pagtaas ng kaso ng mga nagkakaroon ng COVID-19. Mas nakatatakot at nakababahala ang mga balita, sa telebisyon man o social media. May mga pumapanaw nang mga doktor at health workers na front liners.

Nanigas sa lamig ang uwak na alaga ng pinsan ko. Ang sabi ng kuya niya, hinayaan daw kasing maulanan buong gabi. Isa pa'y hindi raw pinapakain nang maayos.

May isang buwan at mahigit na rin sa akin ang uwak. Muli na naman siyang nakawala, pero sa pagkakataong ito ay kaya na niyang putulin ang tali sa talim ng kanyang tuka. Nakita ko siyang dumapo sa bakod malapit sa mga kawayan sa likod ng bahay. Tumitiyempo ako para hulihin siya.

KUMPAS
ni hindi ko narinig
ang kanyang
Pagdapo.

palingon-lingang
nagmamasid-suri
sa paligid

Ano kaya ang hinihintay?

Inaabangan kaya niya
ang susunod
na susunduin?



Sinubukan kong hulihin
ngunit,
Ako ang nahuli
ng kanyang pagsulyap
at ang kanyang huni'y
Pumunit
sa katahimikan

Ikinulong ko siya ulit. Isang buong araw at gabi ko siyang hindi pinakain. Kinabukasan, ayaw niyang humarap sa akin. Ayaw rin niyang lumabas sa hawla kahit pa hinayaan ko itong bukas. Tahimik ang maghapon. Tanging palinga-linga lang ang ginagawa niya. Kinagabihan naghanda ako ng pagkain niya. Ibinilog ko ang kanin na kasinlaki ng holen. Sampung piraso ang ginawa ko. Kinuha ko siya mula sa hawla at dinala sa kuwarto ko. Pinilit ko siyang pangangahin. Pinilit kong ipakain sa kanya ang binilog na kaning kasinlaki ng holen. Kapag parang iluluwa niya ito ay titiklupin ko ang kanyang tuka at hihilutin ang kanyang lalamunan para dumeretso ang pagkain sa kanyang sikmura. May pagkakataong kahit nasa sikmura na niya ay kaya pa rin niyang iluwa. Lalo akong naiinis kapag ganoon kaya hinahampas ko ang kanyang tuka.

Tatlong bilog ng kanin lang ang naipilit ko sa kanyang ipakain. Sa inis ko, muli ko siyang hinampas. Tiyempong nakabuka ang tuka niya at nasugatan ang hintuturo ko. Nanggigil ako. Sinakal ko siya. Ayaw mo bang mabuhay? Hindi na katulad ng dati ang mundo! Nakatitig lang siya sa akin. Habang humihigpit ang pagkakasakal ko sa kanya ay unti-unting pumipikit ang kanyang mga mata. Maririnig ko ang boses mula sa telebisyon sa labas ng kuwarto. Nagpaalam na ang ABS-CBN. Lumuwag ang kamay ko. Patalon-talong lumayo ang uwak sa akin. Ano ba itong ginagawa ko? Siguro nga kapag mas masahol pa sa hayop ay tao ang tawag.

Muli ko siyang ibinalik sa hawla.

Natuwa ako kinabukasan nang muli kong narinig ang huni niya. Bumalik rin ang gana niyang kumain. Sa unang pagkakataon ay pinaliguan ko siya. Napansin kong mas kumapal ang balahibo niya, lalo na sa leeg. Humaba na rin sa bahaging pakpak. Sabi ng pinsan ko tanggalan ko raw ng kaunting maliliit na balahibo ang ilalim ng pakpak niya para umamo pang lalo, pero tinuka lang ako nang gawin ko iyon.

Inihahagis ko siya minsan para makita kung gaano katagal siyang nasa ere o kung gaano kataas ang kaya niyang liparin. Kaya na niya ang lampas-tao, pero agad kong hinahabol kapag lumapag dahil baka makawala.

Sinubukan ko siyang iguhit matapos ang tanghalian. Mas malaki na siya kaysa noong una ko siyang hiningi at alagaan. Habang iginuguhit ko siya, naririnig ko sa paligid ang mga huni ng iba't ibang uri ng maliliit na ibon. Napansin kong mas dumami ang huni ng maliliit na ibon at insekto sa paligid, siguro dahil walang maiingay na tao at sasakyang nagtataboy sa kanila. Naging tahimik kasi ang paligid simula noong lockdown. Walang bumibiyahe. Walang lumalabas. Lahat ay tila nakahawla sa bahay at nakatali na ang hangganan ng paglakad ay ang bakuran. Nang matapos ko siyang iguhit, naalala kong malapit na nga pala ang kaarawan ko. Hindi ko akalaing aabot sa ganito ang sitwasyon.

Balak ko sanang libutin ang Zambales nang naglalakad lang. Balak kong mapuntahan ang bawat bayan na ang dala lang ay mga gamit pangguhit, ilang damit, tent, at gitara. Balak kong gamitin ang pagguhit at musika para kumita ng perang pambili ng pagkain kaysa mamalimos. Isa pa'y dito ako ipinanganak pero nakakahiyang hindi ko man lang napupuntahan ang bahaging norte at hindi man lang nakakasalamuha ang mga tao roon. Pero lahat ng iyon ay hindi nangyari at hindi na yata mangyayari pa. Sabi nila, kung noong Enero pa lamang ay isinara na ang mga paliparan, malamang ay hindi nakarating dito ang COVID-19. Malamang ay hindi ganito kalala ang sitwasyon.

Magigising akong nadagdagan na naman ang edad. Hindi naman ako mahilig magdiwang. At ano naman ang ipagdiriwang sa ganitong sitwasyon? Madalas nga ay pinagtatalunan pa namin ni Nanay kapag may handa o maghahanda. Ang dahilan niya, kung ayaw mong magsaya, e di kami ang magsasaya para sa 'yo. May pandemya man o wala, itinuring ko nang pangkaraniwang araw lang ito.

Pero kapag ganitong araw binibigyan ko ng pagkakataon ang sarili kong mawala na lang bigla sa bahay. Iniiwan ko ang cellphone. Walang plano kung saan pupunta. Walang balak ipaalam kung saan naroon.

Kailangan ko pa rin palang lumabas. Akala ko mas magiging produktibo ako kapag ikinulong ang sarili. Ang labas pala ang magbibigay ng danas para madama mo ang nais ipadama sa iba. Sa labas ko lang maririnig ang totoong boses ng mga taong bubuuin at magiging tauhan sa mga kuwento. Nasa labas ang materyal. Kahit ang mismong akto ng pagsusulat ay paglabas din. Mapapatalim ang pagsusulat sa pamamagitan

ng pagbabasa ngunit ang paglabas upang dumanas ang magtuturo kung paano sumugat.

Isinama ko ang uwak. Nakatuntong siya sa handlebar ng aking bisikleta. Sige lang ang padyak ko sa pedal hanggang makarating kami sa dike. Hapon na at papalubog na ang araw. Mula noong nagbabakasyon pa kami rito sa Zambales hanggang sa tuluyang bumalik na nga dahil maayos na ang sitwasyon matapos pumutok ang Bulkang Pinatubo, hindi ako nagsasawang mamangha sa lugar na ito.

Sa itaas ng dike, kapag nasa direksiyon ako ng papalubog na araw, nasa kanan ko ang kapatagan ng lahar na minsang tumabon sa aming barangay. Sa gawing kaliwa ay ang mga palayan, at buong barangay naman namin ang makikita. Napapalibutan kami ng kabundukang hindi natigil minahin kahit may pandemya.

Pinunit na naman niya ang katahimikan. Habang papalubog ang araw, tiningnan ko siya at tila nagtataka siyang nakatingin sa akin. Tinutuka-tuka niya ang aking daliri na parang nagsasabing, maya-maya ay madilim na, kailangan na nating umuwi at may curfew.

Halos magdadalawang buwan ko siyang inalagaan, o mas maiging sabihing ikinulong. Naisip kong bakit kailangang danasin niya ang dinaranas ko at ng karamihan sa atin. Nakakulong. Limitado ang kilos. Palaging de-numero sa trabaho, sa batas, sa araw-araw.

Iniwan ko siya at pumadyak na ako papalayo pero lumipad siya patungo sa akin. Pinipilit sumabay sa bilis ko. Kaya na pala niyang lumipad nang tuloy-tuloy. Huminto ako at bumaba sa bisikleta. Hinawakan ko siya. Inihagis na parang ipinasa at ipinasalo sa hangin. Tiningala ko ang kanyang paglipad. Ang pag-unat ng kanyang pakpak. Ang pagpagaspas. Hanggang sa dumapo siya sa tuktok na sanga ng mataas na aro-o (pine tree).

Nakatingala ko siyang pinagmamasdan habang hindi magkamayaw ang paglibot ng kanyang tanaw sa walang hanggang maaari niyang marating.

Hindi na niya ako nakikita.

Papadyak ako paalis, mabilis na halos labanan ang hangin. Habang bumabalanse ay unti-unti akong bibitaw sa manibela. Didipa ako't papagaspas.

Hindi na niya ako makikita.